

PROLOGUE

“Ta dívka je panna.”

Isang makahulugang ngiti ang gumuhit sa mga labi ng club owner na si Pavla Novotný sa sinabi ng doktor. So, the American girl was still a virgin. She would bring him a fortune once the auction starts a week from now.

“Lock her inside the room and keep her sedated,” utos niya sa dalawang tauhan na nakatayo malapit sa pinto. May dinukot siyang isang makapal na envelop sa drawer ng kanyang mesa at iniabot iyon sa doktor.

“To bude vše, doktore. Děkuji.”

The doctor inspected the envelop and smiled. Bahagya lang itong yumuko bago lumabas na.

Nang mapag-isa ay sumandal siya sa swivel chair at pinagsalikop ang mga kamay, aliw na aliw sa sarili.

He started the flesh business in Paris. Pero kinailangan niyang magbago ng lokasyon dahil mainit na siya sa mga awtoridad. May red notice na siya mula sa *Interpol*. If it hadn't been for the real Pavla Novotný...

Well, the man had served his purpose. Kaya naman tahimik na ito sa ilalim ng lupa. Hinaplos niya ang pisngi. The plastic surgery had cost him big time. At kailangan niyang makabawi.

Tumayo siya at inayos ang nagusot na suit. A few floors down, dinig niya ang ingay na nagmumula sa dance floor. Sikat ang *Praha Princ* bar sa buong Prague. Maybe because the owner claimed to be a descendant of Libuše, Czech duchess and prophetess who, together with her husband Premysl, founded Prague.

Kung ganoon ang paniniwala ng mga taga-roon, wala siyang pakialam. Dalawa lang naman ang dahilan kung bakit ni-retain niya ang pagmamay-ari ng bar. Una, isang magandang cover iyon para hindi siya mahuli ng awtoridad, at ikalawa, magandang venue rin iyon para makakuha ng prospects.

Ang private elevator na sinakyan niya ay patungo sa back door ng bar. Kaagad siyang pinagbuksan ng pinto ng kotse ng isa niyang tauhan.

Ngumisi siya at inilibot ang mga mata sa paligid.

Prague has been his best place so far.

1

Hinubad ni Andrei Delano ang suot na aviator glasses pagpasok sa diner. Dressed in faded jeans, rubber shoes, a navy blue shirt under a denim jacket, and a permanent scowl... he looked formidable. Dalawang reaksyon lang ang natanggap niya mula sa mga tao sa loob; paghanga mula sa kababaihan at pangingilag mula sa mga kapwa niya lalaki.

“Andrei!”

Nilingon niya ang tumawag. Nakaupo si retired Lieutenant Commander Trevor Sullivan sa isang corner table na malayo kaysa karamihan. Nilapitan niya ang dating commanding officer.

“Sully.” Nakasanayan na niyang tawagin ito sa pinaikling surname nito. Magkasama sila sa TEAM at matalik niya itong kaibigan. He was his swim buddy and they had survived Hell Week together.

“How are you?” tanong nito nang makaupo siya. Isang waiter ang nagbaba ng isang tasa ng kape sa kanyang harapan. Alas diez pa lamang ng umaga.

“I’m fine. Good as new.”

Ngumiti si Trevor.

He was working on a 1960's vending machine na ipina-restore ng isa nilang suking kliyente nang makatanggap siya ng tawag mula sa kaibigan. Sinabi nitong gusto nitong makausap siya, ngunit hindi sinabi kung bakit. Hindi si Trevor ang tipo ng taong magbibigay ng isang importanteng impormasyon sa isang unsecured phone line. And he wasn't one to ask questions, either.

“I'm glad to hear that.”

Midway on his third tour in Iraq, his TEAM was ambushed by a group of insurgents. He was seriously wounded and was good as dead when he was airlifted to the nearest military hospital.

Ang akala ng pamilya ni Andrei ay mamamatay siya. But he was one tough bastard to kill. Two major operations, three reconstructive surgeries and six months in rehabilitation and he was back on his feet again. He was honorably discharged from the *US Navy* and was awarded the *Purple Heart*.

Nakilala niya si Gabe Wright, isang metal artist at antique restoration expert. Nagkaroon siya ng interes sa ginagawa nito, kaya pumasok siyang apprentice sa restoration shop sa Las Vegas.

Gabe considered him as the lucky charm. May natural siyang talento sa pagbuo ng mga lumang gamit at makinarya. He was a thinker and a tinker, according to Gabe. And after three years of helping him with the business, he made Andrei a partner. Kailan lang ay ibinenta na nito sa kanya ang buong shop. Ang huli niyang balita ay nasa Hawaii ito kasama ang asawa.

He was making good money but not as good as Trevor. Nauna itong mag-retire sa kanya at nagtayo ito ng isang security agency na sa pagkaalam niya ay kumikita na ng milyon.

“I’ll cut to the chase, Andrei. I need your help.”

Tumaas ang isang kilay niya.

“I know you’ve got a good thing going for you with the restoration shop. But I’d like you to think about working for me.”

“Sully—”

Itinaas ni Trevor ang dalawang kamay, palms out. “It will only be temporary, two to three weeks tops. I need you on a security detail.”

Probably for some air-head, arrogant billionaire, he thought.

“Why me? I thought you have guys for this kind of stuff?”

“I do. But I’ve recently signed this big contract with the *NSA* and I need all the manpower I can get. I’m kind of undermanned right now. I can’t spare one of my guys to do this job.”

“Then dump the security detail.”

“I can’t.” Tumaas uli ang kilay niya. “It’s personal.”

Lalong lumalim ang gatla sa noo niya. Dinampot ni Trevor ang folder na nasa kaliwa nito at iniabot sa kanya. Napansin na niya iyon kanina pagkaupo pa lamang niya. Sa loob ng folder ay ilang larawan ng isang babae at ang kompletong bio nito.

“Hope Samantha Hendricks.”

Sumulyap siya kay Trevor. Tumango lang ito. Alam nitong kilala niya ang dalaga.

Howard Hendricks was a multi-billionaire businessman who had direct dealings with the *Pentagon*. Isa ito sa pinagkakatiwalaang contractor ng *US Military*. Dahil na rin sa yaman at impluwensya kaya nagkaroon ito ng maraming kaaway.

Seven years ago, isang mag-ina ang in-ambush ng isang grupo ng armadong kalalakihan sa isang

kalsada sa Manhattan, New York. The fifteen-year-old girl barely survived while the mother died on the spot due to multiple bullet wounds. Patay rin ang anim na bodyguards na kasama ng mag-ina. The woman was Howard Hendrick's wife and the girl was his daughter.

Nasa Afghanistan sila ng kaibigan nang makarating sa kanila ang balita. Trevor was devastated. At naiintindihan niya kung bakit. He was an eleven-year-old street rat when Howard took him in. Malaki ang utang-na-loob ni Trevor sa matandang negosyante. He was the father his friend never had.

Minsan na niyang nakaharap si Howard. Hindi ito katulad ng ibang shrewd businessmen na nakilala niya. The old man was a bit eccentric but kind, smart and funny. He adored his Filipina wife and loved his then ten-year-old daughter. And he treated Trevor as a son. He was one of those few good men, and he couldn't blame Trevor for having the utmost respect for the old guy.

Kilala rin niya si Hope. The first and last time he had seen her was when she was a ten-year-old kid. He hadn't seen her as a teenager. Sa mga sulat na natanggap ni Trevor noong nasa tour sila, madalas ay may kasamang larawan ng dalagita. Minsan ay ipinakita iyon sa kanya ng kaibigan. And the moment

he stared into those round, ice-blue eyes, he felt something twitch inside—a flicker of attraction.

Trevor adored Hope like a sister. Hindi na niya sinabi sa kaibigan, but he had felt something for her, too. And it was far from brotherly adoration.

Muli niyang binuklat ang folder at minsan pang tinitigan ang larawan ng dalaga. Hindi na ito ang teenager na hinangaan niya noon. She had grown more beautiful.

“Hope wants to tour Prague. She bullied her father to allow her to go without an escort. You know what happened seven years ago. They live in the Philippines now, but he never fully recovered from the loss of his wife and Hope’s near-death. He’s become paranoid when it came to his daughter’s security. He won’t even let her leave the house without a bodyguard.”

Understandable naman iyon. Nagkaroon si Andrei ng mental picture ng ina at ng dalagitang kapatid sa parehong sitwasyon at di-sinasadyang naikuyom niya ang kamao. He’d kill anyone who’ll mess with his family. At batid niyang iyon ang eksaktong pakiramdam ni Trevor noong matanggap nito ang balita.

“Howard will keep his daughter on a leash and lock her inside a heavily guarded room if he could. But that’s overkill and Hope will have none of it. Nonetheless, he wants her safe and guarded at all times. That’s why he asked me... no, he almost begged me to help him.”

“So she’d still go without an escort. Sounds like a pretty stubborn lady to me.”

Sa unang pagkakataon ay gumuhit ang isang ngiti sa mukha ni Trevor.

“She is very stubborn. You know her. But she’s a sweet girl and I adore her as a sister. I’d kill anyone who’d harm her in any way.” Puno ng conviction ang huling sinabi nito.

“So you want me to babysit her.”

Hindi iyon isang tanong. Napangiwi ang kaharap.

“Sorry, Buddy. But you’re the only man I could trust with the job.”

Malalim siyang bumuntong-hininga. Dalawang linggo lang naman. Tatlong linggo na ang pinakamatagal na mawawala siya.

Marami pang sinabi si Trevor. Lilipad sa susunod na Sabado ang dalaga patungong Prague at kailangang

naroon na siya. Kailangan niya itong bantayan nang hindi nito nahahalata.

“She may look delicate but she’s very smart. I won’t let my guard down in front of her,” dugtong pa ng kaibigan.

Wala rin daw dapat intindihin si Andrei dahil sagot ng matandang Hendricks ang lahat ng gastos. At handa itong magbayad nang malaki para sa kanyang serbisyo.

He’d say yes not because of the money but because he just couldn’t say *no* to Trevor out of respect. They had saved each other’s butt many times at the war zone. Sapat na iyon para maging malalim ang respeto nila sa isa’t isa bilang magkaibigan. Isa pa’y hindi rin niya maatim na pabayaang mag-isa si Hope sa isang hindi pamilyar na lugar.

Besides, how hard would it be to guard an unsuspecting woman? He’d done harder jobs than that. And what could happen in Prague, a famous tourist destination? Ni hindi na niya matandaan kung kailan siya huling nagbakasyon. He might end up enjoying the assignment, after all.

“Okay. When do I leave?”

Trevor grinned and handed him another folder.

Naroon ang buong Prague itinerary ng dalaga. Naroon na rin ang plane ticket niya at isang *Visa* card na ayon dito ay maaari niyang gamitin sa buong duration ng assignment niya. Naroon din ang isang cashier's cheque na paunang bayad sa kanyang serbisyo. Napasipol siya sa halagang nakasulat sa tseke.

“Do keep in touch.”

Iyon ang huling sinabi ni Trevor bago siya iwan. Nailing na dinampot ni Andrei ang dalawang folder, lumabas ng diner at sumakay sa kanyang *Tahoe*.

2

“Mabuti at nakumbinsi mo ang daddy mo na payagan kang magbakasyong mag-isa.”

Hope flashed a smug smile. Kasama niya ang best friend na si Becca sa loob ng kanyang silid. Kasalukuyan siyang nag-eempake para sa flight niya kinabukasan patungong Prague.

“Wala naman siyang magagawa. I’d still go kahit pa harangan niya ako. And you know me, kapag may ginusto akong gawin, gagawin ko.”

Umiling ito. “You’ll give your father a heart attack one day,” sumbat nito. “Hindi mo ba kayang intindihin na kaya ganoon na lang kahigpit sa iyo si Tito Howard ay dahil natatakot siya na maulit ang nangyari noon?”

Malungkot siyang bumuntong-hininga at binitawan ang hawak na knitted sweater.

“Alam ko naman ‘yun. At naiintindihan ko rin si Daddy. But it’s not right to keep me from the outside world forever. Daig ko pa ang isang preso sa isang high security prison. Alam mo ba ang pakiramdam na ni hindi mo magawang maglibot sa sarili mong

garden nang walang armed bodyguard na sumusunod sa iyo? I just want to have a normal life, Becca. Gusto kong makalimutan ang nangyari sa amin ni Mommy. At hindi ko magagawa iyon kung sa bawat sulok na lang ay may makikita akong reminder ng threat sa buhay ko.”

She barely made it out alive seven years ago. Galing sila ng mommy niya sa mall. Pauwi na sila ng bahay nang biglang harangin ang convoy nila. The next thing she knew, umuulan na ng bala sa loob ng sasakyan. Dumagan sa kanya ang katawan ng kanyang ina. She could still hear the latter’s voice calming her fears, feel her warmth and later on the chilling, still body covering her.

And the blood!

Paano niya makakalimutan ang amoy at pakiramdam ng dugo na bumalot sa kanyang buong katawan? It was her mother’s blood mixed with hers.

It was a hell of an afternoon. Kung hindi sa mabilisang pagresponde ng mga awtoridad, baka hindi rin siya nakaligtas.

Tatlong buwan din siyang na-confine sa ospital. Ni hindi na niya nagawang um-attend ng funeral ng kanyang ina.

What she hated the most was the endless visits to the psychiatrist. Gustong masiguro ng kanyang ama na anumang psychological trauma na dinanas niya ay madali niyang makakalimutan. Well, she didn't. Kahit ang pinakamagaling na psychiatrist ay hindi nagawang pigilan ang mga bangungot. Walang sinuman ang makakatulong sa kanyang makalimot kundi siya lang.

That was why she wanted a normal life. Wala na sila sa Manhattan. Three years after her mother's death, nagpasya ang daddy niya na iuwi siya sa Pilipinas kung saan lumaki ang kanyang ina. Hindi na pag-aari ng daddy niya ang *Hendricks Industries*. Wala na dapat banta sa kanilang buhay. But her father acts as if somebody will come crashing through the front door at any minute firing his M16. Matindi ang security sa mansyon nila.

“If there's anything I've learned from that tragedy, it's that when it's your time to die, you'll die. Walang nagawa ang anim na bodyguards na kasama namin n'ung hapong iyon para mailigtas si Mommy. Kahit isang batalyon pa ang ipalibot sa akin ni Daddy, wala rin silang magagawa kung talagang oras ko na. I just don't want to live like a paranoid freak for the rest of my life.”

Nakakaunawang hinaplos ni Becca ang isang braso niya.

“Well, it’s a good thing na pinayagan ka na niya.”

“Oh, knowing him, he’ll find a way to keep me on the leash. N’ung isang gabi’y narinig ko siyang kausap sa phone si Trevor. You do remember him, don’t you?”

Tumango lang ang kaibigan.

“I won’t be surprised if the whole navy comes after me once I reach Prague.”

Humagikgik ito. “Ano’ng gagawin mo kung ganoon nga ang mangyari?”

Nagkibit siya ng balikat at makahulugang ngumiti. Becca rolled her eyes and they both laughed.

Vaclav Havel Airport Prague...

Like any other trained soldier, Andrei scanned his surrounding methodically.

There she is. Napangiti siya nang masilayan ang pamilyar na mukha ni Hope Hendricks.

Dumating siya ng Prague isang araw bago ang

scheduled na dating nito. Bago siya dumating dito ay nagawa na niyang i-hack ang site ng *Mandarin Oriental*. Nalaman niya kung anong room number ang naka-book sa dalaga. Nagawa niyang i-book ang sarili sa katabing deluxe room nito.

Nang makapag-check in siya ay pasimple niyang pinasok ang ookupahin nitong silid. Naka-set up na sa loob niyon ang dalawang surveillance camera, motion and heat sensors. Naka-connect lahat iyon sa kanyang laptop at pati na rin sa kanyang satellite phone. Makikita at malalaman niya ang bawat kilos ni Hope. Malalaman din niya kung may kahina-hinalang tao na papasok sa silid ng dalaga.

Nakatayo siya sa tabi ng isang rented black *BMW X1*. Hindi siya nakatingin sa babae, ngunit nakikita niya ito sa peripheral vision niya. Nagkunwari siyang may hinihintay na pasahero habang nakatayo ito at naghihintay rin ng sundo.

Nang makasakay ito sa isang taxi ay saka pa lamang siya sumakay ng sariling sasakyan. Nasa reception desk ito ng hotel nang pumasok siya sa lobby. Nakasabay niya ito sa elevator. She stared at him briefly and flashed a nervous smile.

He stood frozen, then he felt his hands trembling and something jerked between his legs. All in a span

of a few seconds. He couldn't control his reaction. It's as if his brain lost the ability to control his muscles. It was like being struck by a *Taser* gun.

Hindi ito nagpakita ng anumang senyales na kilala siya nito. Kunsabagay, malabong matandaan siya ng kasabay. Masyado pa itong bata noong una't huli silang nagkita.

Magdamag niyang tinitigan ang mga larawan nito nang araw na tanggapin niya ang alok ni Trevor. She looked like a sixteen-year-old kid instead of a twenty-three-year-old young professional in her picture. Seeing her this close, she looked perfect. Her smooth alabaster skin glowed. With her heavy-lidded ice blue eyes, a small upturned nose, full lips, that gorgeous chin with a prominent cleft, and midnight black hair framing an oval face... she's a knockout.

May naamoy siyang flowery sweet scent na mula rito, some perfume and it almost knocked him off his feet.

Ibinulsa ni Andrei ang dalawang kamay. Iyon lang ang magagawa niya para pigilan ang matinding pagnanais na kabigin ito palapit. He was breathing heavily and his jeans felt tighter by the minute. He was hard and aching!

God, he's acting like a sex-starved maniac! Ngayon lang ito nangyari sa kanya. Hindi ganito ang inaasahan niyang magiging reaksyon ng kanyang katawan. Sure, she's beautiful and he felt his manhood went from limp to rock-hard the few minutes he stared at her picture. Isinisi niya iyon sa tatlong buwang pinalipas na hindi siya sumiping sa kahit kaninong babae.

Now? He was starting to doubt that kind of reasoning.

Huminto ang elevator sa floor kung saan naron ang magkatabing room nila. Pinauna niya itong lumabas. Bahagyang magkasalubong ang mga kilay nito nang sumunod siya. Lalong lumalim ang kunot ng noo nito nang halos sabay pa silang nag-swipe ng electronic key card sa kani-kanilang pinto. Nang bumukas ang pinto ng kanyang silid ay sandali niya itong sinulyapan at nginitian.

Nanlaki ang mga mata nito.

Hope's heart thudded. Para siyang tumakbo sa isang marathon. *Sino kaya ang lalaking iyon?*

Napansin na niya ang estranghero sa airport pa lang. Mukha itong may hinihintay habang patamad

na nakasandal sa gilid ng itim na SUV. It took all of her self-control not to rake him with her eyes and drool.

Matangkad ito, malapad ang mga balikat. Bakat sa suot nitong shirt ang biceps at ang matipunong dibdib. He looked strong, lean and hard. Hindi ito ang masasabi niyang guwapo. She couldn't see his eyes because he was wearing aviator glasses. His nose was slightly crooked, probably broken from a fight during his teens. Prominente ang cheekbones nito at makapal ang mga kilay. His chiseled jaws were covered with a five o'clock shadow. Ito ang tipo na kailangang mag-ahit dalawang beses sa isang araw. His skin was tanned and slightly weathered, na para bang sanay itong mabilad sa araw. He was ruggedly endearing. And she had never seen such beautiful display of manliness.

Sanay siyang mapalibutan ng maskuladong mga lalaki. But all the guys she knew would fail in comparison to the stranger. Kahit ilang metro ang layo niya, naramdaman niya ang power na sumisingaw sa katawan nito.

And that elevator ride? Nagulat ang dalaga nang makita ito sa loob ng lift. Sandali lang niya itong tinitigan at nginitian out of courtesy. Ngunit ang totoo ay gusto na niyang sumandal sa dibdib nito. She kept

her eyes glued to the floor dahil natatakot siyang may magawa siyang taliwas sa kagandahang-asal.

It was unlike her to feel aroused. Wala itong ginagawa para akitin siya. Ni hindi nito tinangkang kausapin siya. But she was drawn to him like a moth to a flame. His potent masculinity swirled around her, awakening her own feminine desires. Umiilaw ang *Danger* sign sa utak niya.

She almost let out a sigh of relief when the elevator stopped at her floor. Ngunit nagulat siya nang sumunod sa kanya ang lalaki. Nangunot ang noo niya nang tumapat ito sa katabi niyang unit. She glanced at him and he smiled. And her heart skipped a beat. Nakapasok na ito sa sariling silid, pero siya ay nakatayo pa rin sa tapat ng kanyang pinto.

Pagod na ibinagsak ni Hope ang katawan sa malapad na kama. Ni hindi niya magawang i-admire ang magandang silid dahil sa halu-halong pakiramdam. Hindi siya makapaniwalang sa muli niyang pagtapak sa Prague ay makakaramdam siya ng matinding lust. Ni wala nga sa isip niyang maghanap ng boyfriend. But she felt it—pure, unadulterated lust... with a stranger.

She felt something inside her flutter and she groaned. Malakas ang buga ng air-con pero ang

init ng kanyang pakiramdam. Muli siyang umungol at pumikit. Ngunit lumitaw naman ang imahe ng estranghero sa kanyang isip, kaya bumalikwas siya nang bangon.

Sumulyap siya sa dingding. Alam niyang iyon lang ang naghihiwalay sa kanila ng lalaki. Wala sa sariling tumayo siya at idinikit ang isang tainga sa concrete. Tumunog ang kanyang cellphone at napapiksi siya sa gulat.

“Hello?”

It was her father. Gaya ng inaasahan, tumawag ito para malaman ang lagay niya. Sa loob ng ilang minutong kausap niya ito ay wala siyang ginawa kundi ang iikot ang mga mata. Mahal na mahal niya ang kanyang daddy, ngunit nasasakal na siya sa pagiging overprotective nito. Ito ngang pagpunta niya sa Prague ay pahirapan pa ang...

Wait a minute! Bakit ba ngayon lang niya naisip?

“Daddy, I’m fine. I have to go. I love you!”

Hindi na niya hinintay na sumagot ito. Nagpupuyos ang dibdib niya sa inis. Ngayon lang niya narinig ang bulong ng kanyang instinct.

The stranger was at the airport waiting for

someone. Or he was only pretending to wait for someone. O puwede ring siya talaga ang hinihintay nito. Naka-check in sila sa parehong hotel at magkatabi pa ng kuwarto. Ngayon lang niya naisip na posibleng isa ito sa mga tauhan ni Trevor na inupahan ng daddy niya para magbantay sa kanya. Come to think of it, she had seen that same look of authority and confidence in Trevor.

I knew it! Oh, Daddy...

Hindi niya magawang magalit sa ama dahil naiintindihan niya kung bakit paranoid ito pagdating sa kanya. Pero naiinis siya sa lalaki.

Gusto mo pala akong bantayan. Puwes, mapagod ka sa kasusunod sa akin.

Tinitigan niya nang matalim ang connecting wall na para bang nakatayo roon ang lalaking umookupa ng kabilang kuwarto at nakatitig din sa kanya.

3

Kinagabihan, lumabas ng silid si Hope para sa hapunan. She was also scheduled to meet with a friend, si Milena Novakova, isang Czech national na nakilala niya noong unang magpunta sila ng mommy niya rito. She's a sweet and romantic person at kahit tatlong taon ang tanda nito sa kanya ay hindi naging dahilan iyon para magkalapit sila. Kahit nang bumalik sila ng mommy niya sa US ay tuloy ang communication nila. Dinalaw siya nito noong pagkatapos ang aksidente.

Nasa tapat siya ng elevator nang bumukas ang pinto ng katabi niyang unit at lumabas ang binata. Katulad ng nauna niyang reaksyon, bumilis ang tibok ng kanyang puso nang mapasulyap siya rito. He was wearing a white shirt tucked into tight jeans that hugged his narrow hips and muscular thighs attractively. Bukas ang ilang butones ng shirt nito at nasilip niya ang ilang pinong balahibo. She felt this funny urge to stretch her hand, fumble with his shirt buttons with her fingers and just simply, touch him.

Bumigat ang kanyang paghinga. *Get a grip, Hope!*

Ipinaling niyang muli ang pansin sa elevator.

Nang bumukas iyon ay sumakay siya. Sumunod din ang lalaki. Silang dalawa lamang ang sakay at kapwa sila walang imik. Nang marating ang lobby ay nagmamadali siyang lumabas ng building. Hinapit niya ang coat sa katawan. Nasa twelve degrees ang temperatura nang gabing iyon.

Sa isang restaurant sa side street ng Mala Strana, sa sulok ng Hellicova at Nosticova ang usapan nila ni Milena. Walking distance lang iyon mula sa hotel.

From Nebovidská, she headed south toward Hellicova. Lumilikha ng tunog ang suot niyang pumps sa cobblestoned pathway. Sa likuran niya ay naramdaman niyang nakasunod pa rin ang estranghero.

Pinigil niya ang sariling lingunin ito.

Nang kumaliwa siya sa Nosticova ay kumaliwa rin ito. Lalong tumibay ang hinala niyang sinusundan siya nito. Nang pumasok siya sa gate ng restaurant ay pumasok din ito. Doon na siya nagpasyang harapin ang lalaki.

Nag-about face siya. Kung hindi ito nakahinto kaagad ay baka sumubsob ang mukha niya sa dibdib nito. It was only then that she realized how alarmingly close he was. And he was a foot taller

than her. Kinailangan pa niyang tumingala para lang makita ang mga mata nito, deep dark brown eyes staring at her. For a moment, all she did was stare and smell him. Wala siyang naamoy na pabango, not even a faint scent of aftershave cologne. His scent was all male, heady.

“Miss?”

Damn! The deep baritone voice sent goosebumps all over her body.

“Miss? Is something wrong?”

Noon lang natauhan si Hope. Ipinilig niya ang ulo. She looked up to him with narrowed eyes. Nilangkapan niya ng iritasyon ang tinig.

“Are you following me?”

Nagsalubong ang mga kilay nito.

“Did my father hire you to keep an eye on me?”

“What the hell are you talking about? Do I know you?” anito.

Sandali siyang nag-alangan. He looked so genuinely appalled.

“Andrei!” Kapwa sila lumingon sa babaeng lumabas mula sa dining hall. Lumapit ito sa binata

at kumapit sa braso nito. Ni hindi man lang siya nito pinansin.

“You’re late,” she said and pouted her lips. Hindi niya napigilang titigan ito mula ulo hanggang paa. She’s too skinny, her skin too pale and she had large breasts which she’d bet all her money, were implants.

Gusto niyang ngumiwi.

Ang sagwa naman ng taste ng lalaking ito sa babae. Hindi hamak namang mas maganda ako.

“I’m sorry, Sweetie. I got held up.”

Nakapulupot na ang isang braso ng binata sa katabi, ngunit ang mga mata nito ay nakasentro sa kanya. She took a step back. Mukhang mali ang kutob niya. He wasn’t following her. Nagkataon lang na parehong restaurant ang pupuntahan nila.

“You were saying again, Miss...?”

Ngumiwi siya. “U-uhm, I’m sorry. I... I mistook you for someone else,” mahinang paliwanag niya.

Umarko ang isang kilay nito. Tinalikuran na niya ang pareha. Pumasok siya sa dining hall kung saan naghihintay si Milena. Nang matanaw siya nito ay kumaway ito at ngumiti.

She'd reserved a table on her favorite corner, malapit sa mosaic mirrored wall na isa sa atraksyon ng restaurant. One day maybe they'd meet again for lunch and eat outside, sa walled garden kung saan mas relaxing ang atmosphere.

“How are you?”

Niyakap niya at hinalikan sa pisngi ang kaibigan. Mas matangkad ito sa kanya at taglay ang typical features ng isang European woman.

“I'm fine. You look great yourself!”

Nakaupo na sila nang marinig niya ang scrape ng silya sa katabi nilang mesa. Sandaling nagtama ang mga mata nila ng binata. At sandali rin siyang nawala sa sarili.

“Hope?”

“Yes? I'm sorry I got a little distracted. What did you say again?”

Sa halip na magsalita ay ngumiti ito. She held her left hand up and wiggled her fingers.

“Oh, my God!” Impit siyang napatili. On Milena's ring finger was a princess cut diamond engagement ring.

“Dalek asked me to marry him.”

“Oh!” Naitakip niya ang isang kamay sa bibig. Ilang ulit siyang pumikit para huwag maiyak. Masaya siya para sa kaibigan.

Madalas ikuwento sa kanya ni Milena ang tungkol sa boyfriend nitong si Dalek. Isa itong Albanian at anim na buwan pa lang na naninirahan sa Prague. Nagtatrabaho ito bilang bartender sa *Praha Princ*, ang pinaka-popular na bar sa buong ciudad.

“This dinner is on me,” aniya. “Sort of an engagement gift,” dugtong niya nang akmang tututol ito.

Dumating ang waiter at kinuha ang order nila. They were served a *Czech Cabernet Sauvignon*.

“I’m so happy for you, Milena.”

Habang sumisimsim ng alak ay nahagip ng paningin ni Hope ang ginagawa ng parehang nasa tabi lang nila. Animo sawang nakapulupot sa baywang ng binata ang mga braso ng kasama nito. Nakapatong sa balikat nito ang baba ng babae. She looked like she was kissing the man’s neck.

May bumangong inis sa kanyang kalooban. Hindi niya alam kung saan iyon galing. Ano ba sa kanya

kung maglampungan ang dalawa? Pero iyon na nga, naiinis talaga siya.

Mabuti na lang at dumating na ang kanilang order. Ibinaling niya ang inis sa lamb tagine at succulent duck on sweet carrot mash. Mabilis niyang naubos ang pagkain.

Kumakain sila ng dessert nang tumayo ang pareha sa tabi nila.

Wala sa loob na muli siyang sumulyap sa estranghero. Nakatitig din ito sa kanya. He gave her a two-finger salute bago sumunod sa babaeng kasama. Kahit mapusyaw ang ilaw sa loob ng dining hall, alam niyang nahalata ni Milena ang pamumula niya. Pasimple nitong nilingon ang taong kanina ay sinulyapan niya.

“Do you know them?”

Umiling siya. “I... uhm... I confronted the man outside just a while ago. I thought he was one of Trevor’s men my father hired to keep an eye on me.”

“What? Why?”

Umungol siya. Detalyado niyang ikinuwento sa kausap ang puno’t dulo ng hinala niya. Pigil ni Milena ang pagtawa nang matapos siya.

“Can you blame me?”

“Oh, Hope! You’re such a baby.”

She made a face. It made her friend laugh.

Tinawag na niya ang waiter para bayaran ang kinain nila.

“Where do you want to go next?” tanong ni Milena.

“Why don’t you introduce me to Dalek?”

“You want to go bar-hopping?”

“Yes, I do.”

“Well, then. Let’s go.”

Kumapit siya sa braso nito at pareho silang nakangiti nang lumabas ng restaurant.

Humugot ng malalim na hininga si Hope at kontentong inilibot ang mga mata sa paligid. A sense of nostalgia filled her.

Mother of all cities ang taguri sa Prague. Isa ito sa pinakamagandang ciudad sa buong mundo, kaya naman libu-libong turista ang pumupunta rito.

To her, Prague looked like an enchanted kingdom out of her favorite fairy tale books. She fell in love

with it the first time her mother brought her here. Dito lang niya nakita ang perpektong pagsasama-sama ng iba't ibang architectural designs: the semi-circular arches of the Romanesque; the pointed arch, ribbed vault and flying buttress of Gothic architecture; the symmetry, proportion, geometry and regularity of parts of the Renaissance style; the new form, light, shadow and dramatic intensity of Baroque architecture...

Prague to her has always been a picturesque blend of the old and the new. Puno ng kulay ang kanyang paligid. Para itong isang malaking museum kung saan walang boundaries ang nakaraan at ang kasalukuyan.

Naalala niya ang ibinigay na description ng French historian na si Ernest Denis tungkol sa Prague. *“Every one of her stones brings to mind heroic drama. Nowhere was life so storm tossed, so subjected to upheavals, so driven by passion, so gripped by furious and savage struggle... Prague is one of those places which creates history.”*

She had her own memories embedded in Prague's quaint cobblestoned streets, the little passages and side alleys, inside small taverns... She had spent hours on five sunny days with her mother in a poetic

walk throughout the city. It had been the happiest days of her life.

“You miss her, don’t you?” bulong ni Milena. Malungkot siyang ngumiti.

“I miss her everyday.”

Isang art enthusiast ang kanyang ina. Iyon ang rason kaya nagpunta sila rito noon.

“She loved it here,” mahina niyang sabi.

“I know.”

Isa sa dahilan kung bakit siya nagbalik sa Prague ay upang sariwain ang alaala ng kanyang ina. Somehow, she could feel her mother’s presence here.

Mahigit sampung minutong lakarin din bago nila marating ang *Praha Princ*. Nasa Mostecká na sila at tanaw na niya ang Karlův most, mas kilala sa tawag na *Charles Bridge*. Itinayo ang pamosong tulay sa panahon ng pamumuno ni King Charles IV. Tumatawid ito ng ilog ng *Vltava* at nagsisilbing koneksyon sa pagitan ng Mala Strana at ng old town at mga kalapit na lugar.

“It’s so beautiful here.”

Gumilid siya sa tulay upang makita ang pagdaloy

ng ilog. It never ceased to amaze her. Crossing the *Charles Bridge* is like going from one realm to another.

Pagdating sa kabilang dulo ng tulay ay kumanan sila. Nagkatinginan sila nang makita niya ang signage ng *Praha Princ*. Milena's eyes twinkled in excitement.

Binubuo ng limang floors ang bar. Nasa third floor ang disco bar kung saan nagtatrabaho si Dalek.

Puno ng tao sa loob nang pumasok sila. Maraming pareha ang nagsasayaw sa crowded na dance floor. They went over to the bar and Milena introduced her to Dalek. Binigyan sila ng huli ng tig-isang baso ng vodka.

Her glass was already half-empty when one guy approached her and asked her for a dance. Mukha naman itong matino kaya sumama siya. Gusto niyang pagsisihan ang desisyon nang hilahin siya nito sa pinakagitna ng dance floor. She could barely move. At nahihirapan siyang huminga sa pinaghalong amoy ng alak, usok ng sigarilyo at pawis.

“I... I'd like to go back to my friend, if you don't mind.”

Hindi na siguro masamang pinagbigyan niya itong makasayaw siya nang ilang minuto. Ngunit sa malas ay ayaw siyang pakawalan ng lalaki. Naging

agresibo ito at pilit siyang niyakap.

“Let go of me!” she hissed. The man only sneered.

May naramdaman siyang humawak sa kanyang baywang. Tumingala ang partner niya. Nangunot ang noo nito. Itinaas nito ang dalawang kamay na para bang sumusuko saka humakbang paatras.

Bumaling siya sa taong may hawak sa kanyang baywang.

“You!” aniyang nanlalaki ang mga mata.

“Yes, me!” nakangising sagot ng estranghero na inakala niyang nagbabantay sa kanya.